Para magsumbong ng posibleng kaso ng makabagong pang-aalipin, tawagan ang Australian Federal Police (Pampederal na Pulisya ng Australya) sa 131 237.

Mayroon ding programa ng suporta na tumutulong sa mga tao upang makabawi at buuing muli ang kanilang buhay. Ang programa ay tumutulong sa mga tao na makahanap ng isang lugar na ligtas upang mabuhay, nagbibigay ng suporta upang makakuha ng pangangalaga sa karamdaman, pagpapayo at payo sa batas at migrasyon, pinansiyal na suporta, tulong sa edukasyon at pagsasanay o paghahanap ng trabaho, at mga ugnayang panlipunan. Maaari kang bigyan ng Red Cross ng karagdagang impormasyon tungkol sa programang ito.

Ang gawaing ito ay pinondohan ng the Department of Social Services (Kagawaran ng Mga Serbisyong Panlipunan) sa ilalim ng Support for Trafficked People Program (Suporta para sa Programa sa Pangangalakal ng mga Tao).

**Para sa karagdagang impormasyon o kumpidensyal na payo, mangyaring makipag-ugnayan sa Australian Red Cross.**

**T.** 1800 113 015

**E.** national_stpp@redcross.org.au

redcross.org.au/workrighthub

*This Modern Slavery grant activity received grant funding from the Australian Government.*

TAGALOG

**Australian Red Cross**

# Ang makabagong pang-aalipin ay nangyayari sa Australya



Kung ikaw o isang taong kilala mo ay sinasamantala sa trabaho, may tulong na makukuha.

# Dapat kang tratuhin nang patas sa trabaho

lahat ng mga manggagawa sa Australya ay may mga batayang karapatan na protektado ng batas. Saklaw ng mga batas na ito ang lahat ng manggagawa kabilang na ang mga manggagawa mula sa ibang bansa, gaano man katagal ang kanilang pamamalagi sa Australya o uri ng kanilang visa.

Ang malubhang pagsasamantala sa trabaho ay isang krimen sa Australya.

## Kung ikaw o isang taong kilala mo ay:

- Ang pamimilit na magtrabaho o pagiging hindi ligtas sa trabaho
- Pagtatrabaho nang maraming oras nang walang pahinga
- Hindi sinusuwelduhan nang tama
- Pagbabayad ng malaking utang sa isang recruiter o tagapag-empleyo para sa pagbiyahe, paninirahan, damit, pagkain, transportasyon o mga dokumento sa trabaho
- Hindi magawang iwan ang kaniyang pinagtatrabahuhan o makipag-kasundo sa mga kondisyon
- Ginigipit o pinagbabantaan sa trabaho, gaya ng pagsasabi na idedeport siya o sasaktan ang mga kapamilya niya
- Hindi ma-access ang kaniyang pasaporte o iba pang mga dokumento ng pagkakakilanlan
- Pagtatrabaho sa bahay ng isang tao at bihirang makalabas

## May makukuhang tulong

## Paano makakakuha ng tulong

Ang Red Cross ay nagbibigay ng payo at suporta, at maaari kang isangguni sa ibang mga serbisyo para sa tulong. May makukuhang mga serbisyo ng interpreter.

**Tumawag sa 1800 113 015 o mag-email sa national_stpp@redcross.org.au**

Para sa impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan sa pinagtatrabahuhan, maaari mong bisitahin ang **www.fairwork.gov.au**, o makipag-ugnayan sa Fair Work Ombudsman sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono sa **13 13 94**.

Kung kailangan mo ng interpreter, kontakin ang Translating and Interpreting Service (Serbisyo sa Pagsasalin at Pag-iinterprete) sa **13 14 50**.

Kung ito ay isang emerhensiya o may banta sa kaligtasan ng isang tao, tawagan ang pulisya sa **000**.